P1

Dayuhang manggagawa

Ito ang mga ipinagbago sa sistema ng Departure Guarantee Insurance (“Samsung Tegicom”).

Ipinatupad ang Departure Guarantee Insurance upang tulungan ang mga employers na ibisan ang bigat ng bayarin ng severance pay (”tegicom”) at para rin magarantiyahan na mababayaran nila ang tegicom ng mga dayuhang manggagawang pumasok sa Korea bilang mga EPS workers. Dagdag pa, ito rin ay para sa masiguradong ligtas na makakabalik ang manggagawa sa kaniyang bansa.

Ministry of Employment and Labor (MOEL)
Human Resources Development Service of Korea (HRD-Korea)

P2

Simula sa Hulyo 29, 2014, matatanggap lamang ng dayuhang manggagawang naka-subscribe sa Department Guarantee Insurance ang parte ng tegicom na manggagaling dito matapos niyang umuwi sa kanyang bansa.

Bago umuwi sa kanilang bansa, kinakailagang i-apply ng dayuhang manggagawa ang kaniyang Departure Guarantee Insurance upang makuha niya ang parte ng tegicom. Sa pag-aapply para rito, maaari siyang pumili sa dalawang paraan upang makuha niya ang kabayaran mula sa Departure Guarantee Insurance: ① ipapadala sa kanya ang pera sa pamamagitan ng overseas remittance sa kanyang bank account sa Pilipino, o ② tanggapin ito sa airport sa mismong araw ng kaniyang paglipad pabalik sa kanyang bansa.
※ Subalit, ang paraan ng pagtanggap ng bayad mula sa Return Guarantee Insurance (”Samsung-400k”) ay kapareho pa rin ng dati at maaari niyo itong matanggap bago umalis ng Korea.

Ano ang tinatawag na “Departure Guarantee Insurance” (Samsung-Tegicom)?

Ayon sa “Mga Batas tungkol sa Pagtatrabaho ng mga Dayuhang Manggagawa,” upang ibisan ang bigat ng pagbabayad ng tegicom ay kinakailangan ng employer na nag-employ ng dayuhang manggagawa na mag-subscribe at maghulog ng Departure Guarantee Insurance.

-Sino ang kailangang magsuskrito (subscribe): ang mga employer na may 1 o higit pang regular na empleyado at may dayuhang manggagawang mahigit pa sa isang taon ang employment period

* Eksempsyon sa pagsususkrito: mga employer na nag-eemploy ng mga dayuhang manggagawa

subalit ang kumpanya ay kabilang sa construction industry
- Kailan kailangang magsuskrito at multa sa hindi pagsususkrito: sa loob ng 15 araw mula sa araw ng pagsisimula ng petsa (starting date) sa kontrata

* Kapag hindi nagsuskrito ang employer sa insurance, magmumulta siya ng hindi hihigit sa KRW 5,000,000
- Magkano ang dapat ihulog sa insurance: kinakailangang maghulog ng employer ng 8.3% ng normal wage ng dayuhang manggagawa kada buwan sa isang pribadong insurance company

- Dapat tandaan: Kapag nagsumite na ng claim ang dayuhang manggagawa sa insurance company, makakatanggap siya ng notipikasyon kung magkano ang maaari niyang matanggap mula sa insurance. Sakaling kulang ang inihulog na insurance ng employer, kailangang bayaran ng insurance magkano man ang kulang dito para mabuo ang tegicom ng manggagawa.

Proseso ng aplikasyon at pagbabayad ng Departure Guarantee Insurance
- Mga 1 buwan bago umuwi ang dayuhang manggagawa (matapos matanggap ang Departure Certificate) sanhi ng pagtatapos ng sojourn period (panahon ng pananatili sa Korea) maaari na siyang magsumite ng aplikasyon sa insurance company (Samsung Fire & Marine Insurance Corp.),

Mamili kung paano ninyo nais matanggap ang bayad mula sa insurance ayon sa dalawang paraan: ① ipapadala sa inyo ang pera sa pamamagitan ng overseas remittance gamit ang bank account ninyo sa Pilipinas, o ② personal na pagtanggap nito sa airport matapos makalagpas sa immigration desk ng airport.

P3
Kapag kulang ang hulog sa Departure Guarantee Insurance kumpara sa dapat na matanggap na tegicom, kinakailangang bayaran agad ng employer ang balanse kapag natapos na ang kontrata sa kumpaya o kaya kapag nagparelease ang dayuhang manggagawa. Ang pagbabayad ng balanse ay walang kinalaman sa pag-uwi ng dayuhang manggagawa.
* Para malaman ng dayuhang manggagawa ang balanse at makuha niya ito sa employer, kinakailangan niyang tiyakin sa insurance company ang kabuuang hulog ng kaniyang amo sa insurance.

▶ Paraan ng pagbabayad sa pamamagitan ng overseas remittance matapos umuwi
Rehistrasyon sa pagpapalit ng trabaho (pagpaparelease), Rehistrasyon sa pag-uwi (departure)
Employer, dayuhang manggagawa
1 buwan bago umuwi

Pagpapadala ng abiso tungkol sa matatanggap na bayad mula insurance
Insurance company
(awtomatikong pagpapadala ng abiso)

Aplikasyon para makuha ang bayad sa insurance
Dayuhang manggagawa
Sa loob ng 1 buwan bago umuwi

Pagtanggap at pagsusuri ng ipinasang aplikasyon
Insurance company
Sa loob ng 1~2 buwan matapos matanggap ang aplikasyon

Matapos matiyak ang inyong pag-uwi mula sa Immigration, ibibigay na agad ang bayad mula sa insurance
Insurance company – bangko
Sa loob ng 1~2 araw matapos lumabas ng bansa

Pagpapadala ng bayad sa ibang bansa (overseas remittance)
Bangkong magpapadala ng bayad sa ibang bansa
Agad-agad

Bangko sa Pilipinas na tatanggap ng bayad mula sa insurance
Bangko sa Pilipinas
Sa loob ng 1~2 araw matapos maipadala ang pera

Pagtanggap ng bayad mula sa insurance
Dayuhang Manggagawa
Sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng pag-uwi

▶ Paraan ng pagbabayad sa airport (Incheon International Airport) sa mismong araw ng pag-uwi
Aplikasyon para sa claim ng bayad sa insurance (piliin ang "pagbabayad sa airport" kapag nag-apply)
Dayuhang manggagawa

Pag-iisyu ng order para ibigay ang bayad mula sa insurance
Insurance company – dayuhang manggagawa

Isumite ang order para ibigay ang bayad mula sa insurance tungo sa bangko sa airport sa

mismong araw ng pag-uwi
Dayuhang manggagawa - bangko

Pag-iisyu ng resibo sa pagpapalit ng bayad mula sa insurance
Bangko – dayuhang manggagawa

출국심사대 통과 후 환전소에서 보험금 수령 후 출국
외국인근로자
Matapos makalagpas sa immigration desk sa airport, maaaring matanggap ang bayad mula sa insurance sa currency exchange counter at pagkatapos ay maaari na kayong umuwi
Dayuhang manggagawa

P4
Rebisyon sa Pangunahing Batas kaugnay ang mga Insurance ng mga Dayuhang Manggagawa
* Rebisyon ng Batas tungkol sa Pagtatrabaho ng mga Dayuhang Manggagawa ('14.1.28 proklamasyon, '14.7.29 pagpapatupad)
☞ Maaari niyong tingnan ang tungkol sa mga nirebisang batas sa website ng Korea Ministry of Government Legislation (www.law.go.kr)

① Ekstensyon sa karapatan ng dayuhang manggagawang magfile ng claim (extinctive prescription) para makuha ang bayad mula sa insurance (2 taon → 3 taon)
② Pagtatalaga at pamamahala ng Komiteng Mamamahala sa mga Bayad na hindi pa Nakukuha (Dormant Claims Management Committee) (pagpapatupad nito upang makuha ng mga hindi pa natatanggap ang karampatang bayad mula sa insurance)
③ Rebisyon sa panahon ng pagbabayad ng Departure Guarantee Insurance
Kapag natapos na ang panahon para magfile ng claim para makuha ang bayad mula sa insurance, ang hindi nakuhang pera ay hindi mananatili sa insurance company para pagkakitaan. Ang paglilipat at pamamahala ng bayad na hindi pa nakukuha mula sa insurance ay isasagawa ng HRD Korea. Sa pamamagitan ng pagsusuri at pagpapasiya ng komiteng namamahala dito, maaaring makuha ng dayuhang manggagawa ang bayad mula sa insurance na hindi pa nakukuha (unclaimed insurance) at napagpasiyahan ang patakaran para sa pagbabayad ng insurance sa dayuhang manggagawa ay "sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng pag-uwi."
(kung sakaling ang claim ang inaapply dahil nagpalit ng sojourn status (uri ng visa) o namatay ang dayuhang manggagawa, kailangang ibigay sa kanila ng insurance ang pera 14 na araw mula sa araw ng aplikasyon)

P5
Mga Klase at Nilalaman ng mga Insurance para sa Dayuhang Manggagawa

Kategorya	Departure Guarantee Insurance (Samsung-Tegicom)	Return Cost Insurance (Samsung-400k)	Guarantee Insurance	Accident Insurance
Layunin ng Pagsasagawa	Pansamantalang bawasan ang bigat ng pagbabayad para sa tegicom	Para mapunan ang gastusin para sa pag-uwi ng mga dayuhang manggagawa	Bilang paghahanda sakaling may hindi mabayarang sahod ang employer para sa dayuhang manggagawa	Bilang paghahanda sa mga pinsala, sakit, o pagkamatay na nangyari sa labas ng trabaho
Batayan	Artikulo 13 at Artikulo 21 ng Batas para sa Pagtatrabaho ng mga Dayuhang Manggagawa	Artikulo 15 at Artikulo 22 ng Batas para sa Pagtatrabaho ng mga Dayuhang Manggagawa	Artikulo 23 at Artikulo 27 ng Batas para sa Pagtatrabaho ng mga Dayuhang Manggagawa	Artikulo 23 at Artikulo 28 ng Batas para sa Pagtatrabaho ng mga Dayuhang Manggagawa
Sino ang Dapat Magsuskrito	Employer	Dayuhang Manggagawa	Employer	Dayuhang Manggagawa
Mga Kumpanyang Kabilang Dito	- Para sa mga kumpanyang may mahigit sa 1 regular na empleyado * Ipinatutupad na ito sa kumpanya may 4 o mas mababa pang regular na empleyado simula 2011.08.01 * Sa mga kumpanyang mayroong dayuhang manggagawa na may higit pa sa isang taon na employment period	- China, Pilipinas, Indonesia, Thailand, Vietnam: KRW 400,000 - Mongolia, atbp: KRW 500,000 -Sri Lanka: KRW 600,000	- Isa sa mga sumusunod: * Mga kumpanyang hindi saklaw ng Batas para sa Paggagarantiya ng Hindi Nababayarang Sahod * Sa mga kumpanyang mayroong 300 pababang regular na empleyado	Alinmang kumpanya o negosyong nag-eemploy ng dayuhang manggagawa
Sino ang Tatanggap ng Insurance o ang Benepisyaryo	Dayuhang Manggagawa	Dayuhang Manggagawa	Dayuhang Manggagawa	Dayuhang Manggagawa

Panahon ng Pagmimiyembro at Patakaran sa Pagmumulta sa Hindi Tutupad Dito	Simula 15 araw mula sa araw ng pagkakaroon ng bisa ng kontrata sa pagtatrabaho. - Hindi hihigit sa KRW 5 milyon ang multa	Simula 80 araw mula sa araw ng pagkakaroon ng bisa ng kontrata sa pagtatrabaho. - Hindi hihigit sa KRW 5 milyon ang multa	Simula 15 araw mula sa araw ng pagkakaroon ng bisa ng kontrata sa pagtatrabaho. - Hindi hihigit sa KRW 5 milyon ang multa	Simula 15 araw mula sa araw ng pagkakaroon ng bisa ng kontrata sa pagtatrabaho. - Hindi hihigit sa KRW 5 milyon ang multa
Paraan ng Pagbabayad para sa Kontribusyon sa Insurance	8.3% ng normal na kabuwanang sweldo	Pagbabayad ng buo, mula KRW 400,000~600,000 depende sa bansa	Pagbabayad ng buo. Sa bawat 1 manggagawa: KRW 15,000/1 taon (contribution rate: 0.476% kada taon)	Pagbabayad ng buo. Halos KRW 20,000/3 taon (magkakaiba ang bayad dito depende sa kasarian, edad, atbp. ng manggagawa)
Dahilan sa Pagbabalik ng Inihulog na Kontribusyon sa Insurance	Kapag uuwi na o nairelease na ang isang dayuhang manggagawang nagtrabaho sa isang kumpanya sa loob ng 1 taon o higit pa at hindi tumakas	Kapag uuwi na ang dayuhang manggagawa (hindi kasama dito 'yung mga magbabakasyon lang)	-Ipambabayad ito sakaling hindi mabayaran ng employer ang hindi pa nababayarang sahod	Kapag nagkasakit, namatay o nagkaroon ng kapansanan ang isang dayuhang manggagawa na nangyari sa labas ng trabaho
Halaga ng Ibabayad	- Sa mga nagtrabaho ng 1 taon pataas, at nagmiyembro sa loob ng mahigit sa 350 na araw, 101.5%~106% ang makukuha	- 12 buwan o higit pa na nagmiyembro simula sa unang araw ng paghuhulog 101.5%~106% ang makukuha	Mula sa Notipikasyon ng Ministro ng MOEL, hindi hihigit sa KRW 2 milyon (sa bawat 1 manggagawa) ang maaaring matanggap	– Para sa mga namatay dahil sa aksidente o kaya'y permanente ng nagkaroon ng kapansanan: Hindi hihigit ng KRW 30 milyon Namatay dahil sa sakit, at malubhang pinsala: Hindi hihigit ng KRW 15 milyon.

P6

Q&A ng mga Isyu

1) Ano ang pagbabago sa aplikasyon at paraan ng pagbabayad sa Departure Guarantee Insurance matapos maribisa ang "Batas tungkol sa Pagtatrabaho ng mga Dayuhang Manggagawa"?

- Ang aplikasyon para makuha ang bayad mula sa insurance ay kagaya pa rin ng dati bago pa maribisa ang batas kung saan kinakailangang magtrabaho ng dayuhang manggagawa ng hindi

bababa sa 1 taon upang makuha ang tegicom. Ang dayuhang manggagawang maaaring makakuha ng tegicom at nagtapos na ang sojourn period ay maaari itong makuha sa loob ng isang buwan (matapos niyang magfile ng katunayan sa kanyang pag-uwi (departure certificate)) bago siya umuwi matapos niyang magsumite ng aplikasyon para sa claim sa insurance company (Samsung Fire & Marine Insurance, Corp.).

* Subalit, sa kaso naman ng mga nagparelease, maaari lamang kayong magfile ng claim kapag natapos niyo na ang pagtatrabaho sa pinakahuli ninyong employer.

- Ang dating pagbibigay ng bayad mula sa insurance ay ibinibigay sa Korea bago umuwi ang dayuhan ay binago. Kung saan, maaaring mamili ang dayuhang manggagawa kung nais niya ba itong matanggap sa kanyang bansa sa pamamagitan ng overseas remittance o kaya naman ay matanggap ito mismo sa Incheon Airport sa mismong araw ng pag-uwi niya.

* Hindi binago ang ang dating paraan ng pagtanggap ng bayad mula sa insurance sa kaso kagaya ng kapag ang isang dayuhang manggagawang nakapagtrabaho sa kumpanya ng isang taon o higit pa ay nagpalit ng sojourn status (uri ng visa) o kaya ay namatay ang manggagawa. Ibig sabihin, maaari itong matanggap agad habang nasa Korea pa (sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng aplikasyon).

2) Paano pagdedesisyunan ang paraan ng pagbibigay ng Departure Guarantee Insurance kung saan maaaring tungong overseas remittance o makuha ito sa airport?

Kapag nag-apply ng claim ang manggagawa sa insurance company, maaari siyang mamili sa apat na paraan kung paano niya nais makukuha ang bayad sa insurance. Ang insurance company naman ay titiyakin muna kung talagang uuwi na ang dayuhang manggagawa at saka nila ibibigay ang pera.

Kategorya		Paraan ng Pagbibigay ng Bayad
Paraan ng pagbabayad sa pamamagitan ng overseas remittance matapos umuwi	Ipapadala sa bank account na nakapangalan sa manggagawa	Ipapadala ito sa bank account ninyo sa Pilipinas
	Bank account na para lamang sa overseas remittance - Pwede itong gamitin kahit wala kayong sariling bank account sa ibang bansa	Ipapadala ito sa bank account (ng kapamilya o ibang tao) sa Pilipinas na nakakabit sa bank account na para lamang sa pagpapadala ng pera sa ibang bansa (bank account sa Korea)
	Direktang pagpapadala sa bangko sa Pilipinas - Kahit wala kayong sariling bank account sa Pilipinas o kaya'y bank account na para lamang sa pagpapadala ng pera sa ibang bansa	Kapag nag-apply kayo ng claim para makuha ang insurance, ipagbigay-alam niyo lamang ang serial number ng bangko kung saan ipapadala ang bayad mula sa insurance. At kapag nakauwi kayo, maaari niyo na itong makuha mismo sa bangkong iyon.

Paraan ng pagbabayad sa airport sa mismong araw ng pag-uwi	Ibibigay ang bayad sa airport	Sa mismong araw ng inyong pag-uwi, pumunta sa bangko sa airport at isumite sa kanila ang insurance pay order at kunin ang resibo. Matapos ninyong makalagpas sa immigration desk sa airport, pumunta sa currency exchange rate counter at ibigay ang resibo para ibigay nila sa inyo ang bayad mula sa insurance.

P7

3) Kung sakaling wala akong bank account para sa overseas remittance, hindi ko na ba makukuha ang bayad mula sa insurance kapag nakauwi na ako?

Maaari niyo pa ring makuha ang bayad mula sa insurance kahit wala kayong bank account para sa overseas remittance.

- Kung sakaling mayroon kayong bank account sa Korea na para sa overseas remittance na ginagamit ninyo sa pagpapadala ng pera sa Pilipinas, maaaring dito na lang ipadala ang bayad mula sa insurance at awatomatiko naman itong ipapadala sa naka-link na bank account sa Pilipinas (ng kamag-anak o ibang tao).
- Kung sakaling wala kayong bank account sa Pilipinas o kaya'y overseas remittance account (bank account sa Korea), maaari niyo pa rin itong matanggap sa pamamagitan ng direktang pagpapadaa ng pera sa bangko tungo sa *aplikasyon

* Kapag nag-apply para sa claim ang dayuhang manggagawa sa insurance company, ibibigay sa kanya ang serial number ng bangko → Kapag nakauwi na ang dayuhang manggagawa, kailangan niyang pumunta sa itinalagang bangko at ibigay sa kanila ang serial number at ipasa niya ang kanyang ID para makuha niya ang bayad mula sa insurance.

4) Ano ang dapat kong gawin para makuha ko ang bayad mula sa insurance sa airport sa mismong araw ng pag-uwi ko?

Kapag nag-apply ng claim sa insurance, piliin ang "makuha ang bayad mula sa insurance sa airport." Sa mismong araw ng aplikasyon, ibibigay sa inyo ng insurance company ang "Insurance Pay Order."

- Sa mismong araw ng pag-uwi, dalhin ninyo ang inyong pasaporte, ticket sa eroplano at insurance pay order at saka ninyo ito isumite sa itinalagang bangko sa airport. Susuriin lamang ng bangko ang inyong pasaporte at ticket sa eroplano at matapos nito'y iisyuhan nila kayo ng resibo.
- Matapos ninyong makalagpas sa immigration desk, maaari na kayong pumunta sa currency exchange counter na nasa loob ng Duty Free at saka ninyo isumite sa kanila ang resibo. Matapos nito ay ibibigay na nila sa inyo ang bayad (pera) mula sa insurance.

Pag-apply ng claim para sa insurance (kapag nag-apply piliin ang pagkuha ng bayad sa airport)
Dayuhang Manggagawa

Pag-iisyu ng Insurance Pay Order
Insurance company – dayuhang manggagawa

Isumite ang Insurance Pay Order sa bangko sa airport sa mismong araw ng pag-uwi
Dayuhang manggagawa - bangko

Pag-iisyu ng Resibo para sa sa pagpapalit ng pera na mula sa insurance
Bangko – dayuhang manggagawa

Matapos makalagpas sa immigration desk, ibibigay na sa inyo ang perang mula sa insurance, matapos ay maaari na kayong umuwi.
Dayuhang manggagawa

P8
5) Paano sa kaso ng mga bansang may hindi maayos na sistema ng pagpapadala ng pera, hindi kaya mangyaring sasabihing naipadala na ang pera subalit hindi naman ito makuha?
Upang maiwasan ang problema sa hindi matanggap na bayad mula sa insurance, bumuo kami ng sistema kung saan maaari kayong mamili sa 3 paraan upang makuha ang bayad mula sa insurance (① pagpapapadala nito sa bank account ninyo sa Pilipinas, ② pagpapadala nito gamit ang overseas remittance bank account, ③ direktang pagpapadala sa bangko). Ang sistemang ito ay ipinatutupad sa lahat ng lokal na bangko ng 15 bansang nagpapadala ng dayuhang manggagawa sa Korea (sending countries).

☞ Ikalawang sanggunian sa kalidad ng paraan ng pagpapadala ng pera sa ibang bansa
Dagdag pa, sa kasalukuyan (bago ipatupad ang batas) maaari na kayong mag-apply ng claim para sa insurance kahit na kayo'y nasa ibang bansa at kahit hindi niyo ito naiapply habang nasa Korea pa kayo. Sa ganitong pagkakataon, maaaring ipadala sa inyo ang bayad mula sa insurance sa pamamagitan ng pagpapadala nito sa overseas bank account.

* Noong 2013, 1,500 ng mga dayuhang manggagawa (800 milyon won) ang nag-apply ng claim at nakatanggap ng bayad mula sa insurance
Gayunpaman, kung hindi kayo mapalagay sa pinansiyal na sistema sa inyong bansa at nais ninyo itong makuha bago kayo umuwi, maaari ninyong piliin na makuha ito sa Incheon airport sa mismong araw ng inyong pag-uwi. Matapos ninyong makalagpas sa immigration desk sa airport, maaari niyong matanggap ang pera at saka umuwi.

☞ Ika-apat na sanggunian sa kalidad ng aplikasyon at proseso ng pagtanggap ng bayad mula sa insurance sa airport

6) Sa mga hindi maiiwasang pagkakataon, sakaling hindi ko makuha ang bayad para sa insurance bago ako umuwi, may iba pa bang paraan para makuha ko ito?
Kung hindi ninyo makuha ang bayad mula sa insurance bago kayo umuwi, maaari ninyong i-apply ang claim para dito pag-uwi ninyo sa pamamagitan ng EPS Center, Sending Institution (i.e., POEA) at maaari ninyo itong matanggap sa pamamagitan ng pagpapadala nito sa inyo (overseas remittance).

* Bagamat totoong bago pa man baguhin ang patakaran sa pagtanggap ng bayad mula sa insurance ay maaari rin kayong magfile ng claim para rito matapos ninyong umuwi sa inyong bansa, sa nirebisang patakaran, mariin na nakasaad ditto na kinakailangang ibayad sa inyo ang perang mula sa insurance sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng aplikasyon.
Dagdag pa rito, tungo sa nirebisang patakaran, ang karapatan ng dayuhang manggagawang magfile ng claim (extinctive prescription) para makuha ang bayad mula sa insurance ay inextend na (2 taon → 3 taon). Sa madaling salita, mas pinagtibay ang karapatan ng mga manggagawang makatanggap ng benepisyo mula sa insurance.

P9
Sa loob ng panahon para magfile ng claim (3 taon), binabalak na ipatupad ang sistema kung saan maaaring magfile ng claim ang manggagawa para sa hindi niya nakuhang bayad mula sa insurance sa pamamagitan ng EPS Center ng HRD Korea, Sending Institution (i.e., POEA), at iba pa.

* Kung sakali namang lumagpas ang panahon para sa pag-aapply para makuha ang bayad sa insurance, maaari pa rin kayong personal na mag-apply para makuha ito sa EPS Center o sa Sending Institution (POEA) sa inyong bansa. (Ang EPS Center at ang Sending Institution na ang siyang magpapasa ng inyong aplikasyon sa insurance company).

7) Hindi maganda ang pang-ekonomikong estado ng kumpanya namin sa kasalukuyan. Hindi kaya lalong humirap ang pagkuha namin ng bayad mula sa insurance kapag nakauwi na kami?

Hindi naman ibibigay ang Departure Guarante Insurance sa inyong employer. Sa pagpirma ninyo ng kontrata sa inyong employer, at kapag nagsuskrito na ang kumpanya sa insurance company, ang irerehistrong benepisyaryo ng insurance ay ang dayuhang manggagawa.

Samakatuwid, ang dayuhang manggagawa lamang ang maaaring direktang magfile ng claim sa

insurance company para makuha niya ang bayad mula sa insurance. Kaya naman, kahit na may pang-ekonomikong problema ang kumpanya o kung mayroon itong hindi nababayarang sahod, maaari pa ring makuha ng dayuhang manggagawa ang bayad mula sa insurance.

8) Sa mga kaso ng mga dayuhang manggagawang nagpalit ng pinagtatrabahuhang kumpanya (nagparelease), makukuha din ba nila ang Departure Guarantee Insurance ng kumpanyang pinagtatrabahuhan bago magparelease matapos pa nilang umuwi?

Ayon sa nirebisang patakaran, hangga't ang isang dayuhang manggagawa ay nagparelease o nagpalit ng pinagtatrabahuhan at kahit na ang kumpanyang iyon ay hindi ang pinakahuli niyang kumpanya, basta't patuloy pa rin siyang magtatrabaho sa Korea, maaari niya lamang makuha ang bayad mula sa insurance sa loob ng 14 na araw matapos umuwi.

* Hal) Halimbawa, sa inyong pamamalagi sa Korea ay nagtrabaho kayo sa tatlong kumpanya: A, B at C. Ang pinakahuli ninyong kumpanyang pinagtrabahuhan ay ang kumpanyang C. Sa pagtatapos ng inyong kontrata sa kumpanyang C, saka lamang kayo maaaring mag-file ng claim para sa Departure Guarantee Insurance ng lahat ng kumpanyang pinagtrabahuhan (A,B,C) ninyo at makukuha niyo lamang ito kapag uuwi na kayo.

Kung sakaling ang inihulog na kontribusyon ng inyong amo sa Departure Guarantee Insurance ay mas maliit kaysa sa kabuuang amount ng severance pay (tegicom), ang balanse ay kailangang bayaran ng employer agad sa puntong nagtapos na ang kontrata ng manggagawa sa kumpanya, kahit na siya'y magpaparelease lamang. Ang pagbabayad ng balanse ay kailangang ibigay agad ng employer sa dayuhang manggagawa habang siya ay nasa Korea pa.

Kapag nagparelease ang dayuhang manggagawa, maaaring kayong magfile ng claim sa inyong employer (bago magparelease) para makuha ninyo ang balanse ng inyong tegicom.

P10

9) Ang petsa sa pagpapatupad ng nirebisang pataran ay sa Hulyo 29, 2014 pa. Ibig sabihin ba'y ang aplikasyon ng nasabing batas ay para lamang bas a mga uuwi matapos ang Hulyo 29, 2014?

Ang patakaran kaugnay ang panahon para sa pag-aapply ng claim para sa Departure Guarantee Insurance (sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng pag-uwi) ay ipatutupad sa lahat ng magfa-file ng claim para dito matapos ang araw ng pagpapatupad ng batas (Artikulo 2 ng Karagdagang Sugnay ng Batas)

Sa madaling salita, ang mga dayuhang manggagawang nagparehistro ng pag-uwi (report of

depature) o kaya ay nagparehistro ng pagpapalit ng trabaho (pagpaparelease) bago ang Hulyo 29, 2014 ay maaari ng matanggap ang bayad sa insurance kaagad habang sila'y nasa Korea pa kagaya ng dati kahit na sila'y uuwi pa matapos ang pagpapatupad ng batas (Hulyo 29, 2014).
Hal.) ① Kung ang isang dayuhang manggagawa ay nairehistro na bilang uuwi at nairehistro na siya bilang released at nag-apply ng claim sa insurance noong Hulyo 28, 2014 maaari niya ng makuha ang bayad mula sa insurance kaagad kagaya ng dati.
② Samantala, kung ang dayuhang manggagawa naman ay nagparehistro na bilang uuwi at nairehistro na rin na released at saka nag-apply na rin para sa insurance ng Hulyo 29, 2014, maaari na lamang niyang makuha ang bayad sa insurance matapos ng araw ng kanilang pag-uwi.

10) Paano kung kulang ang Departure Guarantee Insurance sa kabuuang tegicom, kinakailangan bang dagdagan ito ng employer para mabuo?

Ayon sa「Employment Retirement Benefit Security Act」ang kontribusyon para sa Departure Guarantee Insurance ay nakabatay sa minimum wage kaya naman kung ang dapat na matanggap na tegicom ng dayuhang manggagawa, ang kakulangan o balanse ay kailangang punan ng employer sa pamamagitan ng pagbabayad niya nito sa dayuhang manggagawa.
< Tegicom – Matatanggap na amount mula sa Departure Guarantee Insurance = balanseng kailangang bayaran ng employer >

11) Babayaran lang ba ang balanse o kulang sa dapat na matanggap na tegicom at Departure Guarantee Insurance kapag nakauwi na kami?

Ang balanse ay kailangang bayaran ng employer agad mismo kapag nagtapos na ang kontrata ng manggagawa sa kumpanya, kahit na siya'y magpaparelease lamang. Ang pagbabayad ng balanse ay kailangang ibigay agad ng employer sa dayuhang manggagawa habang siya ay nasa Korea pa.

P11
12) Para makuha namin ang balanse sa aming employer, kinakailangang malaman muna namin ang eksaktong amount ng Departure Guarantee Insurance at tegicom. Paano naman matitiyak ang dapat naming makuha?

Gaya ng dati, maaari ninyong ma-check kung magkano na ang naihuhulog ng inyong employer sa Departure Guarantee Insurance bago pa man ito maibigay sa inyo.

Para mas maging tiyak at malinaw ito, pinaghahandaan na nila ang sistema kung saan mag-iisyu ang insurance company ng sulat na nakalagay ang inaasahang kabayarang maaaring makuha ng dayuhang manggagawa mula sa Departure Guarantee Insurance. Ibibigay nila ito employer o sa dayuhang manggagawang nangangailangan nito.

Sa pamamagitan ng ganitong sistema, maaari ng malaman ng dayuhang manggagawa kung magkano ang maaari niyang makuha sa insurance bago pa siya umuwi. At gamit ang dokumentong ito mula sa insurance company, maaari niyang hilingin sa employer niya kung magkano man ang kakulangan sa kabuuang tegicom.

P12

Telepono ng Ministry of Employment and Labor (MOEL)

※ Sentro ng Pagpapayo ng MOEL

• 1544 - 1350 (Koreano) / walang area code, 1350 (dayuhan/ Ingles, Tsino)

Blg.	Pangalan ng Ahensiya	Address	Telepono
1	Seoul Job Center	4F, Janggyo Building, Janggyo-dong 1bunji, Jung-gu, Seoul	02-2004-7397
2	Seocho Job Center	1022-10, Bangbae 3-dong, Seocho-gu, Seoul	02-580-4983
3	Seoul Gangnam Job Center	7-10F, Keumkang Tower, 889-13, Daechi-dong, Gangnam-gu, Seoul	02-3468-4794
4	Seoul Dongbu Job Center	3~5F, IT Venture Tower, 78 Songpa, Garak-dong, Songpa-gu, Seoul	02-2142-8924
5	Seoul Seobu Job Center	4~5F, Samchang Plaza Building, 173, Dohwa-dong, Mapo-gu, Seoul	02-2077-6000
6	Seoul Nambu Job Center	115 Bunji, Yangpyeong-dong 1ga, Yeongdeungpo-gu, Seoul	02-2639-2300
7	Seoul Bukbu Job Center	734-2 Sanggye 6-dong, Nowon-gu, Seoul	02-2171-1816
8	Seoul Gwanak Job Center	2-3F Daeryung Post 3rd Tower, 182-4, Guro 3-dong, Guro-gu, Seoul	043-845-7114
9	Incheon Job Center	1112 Bunji, Guwol 3-dong (Munhwahwegan-gil 125) Namdong-gu, Seoul	032-460-4701
10	Incheon Bukbu Job Center	(1032 Jangje-ro) 2-5 Floor, Yeongsan Building, 1063-12 Gyesan-dong, Gyeyang-gu, Incheon Metropolitan City	032-540-5718
11	Bucheon Job Center	(235 Gyenam Main Road) 1086-3 Wonmigu Jung 3 dong, Bucheon City, Gyeonggi-do	032-320-8900
12	Gimpo Job Center	3~5F World Tower Building, 1604 Janggi-dong, Gimpo City, Gyeonggi-do	031-999-0912
13	Euijeongbu Job	1-2F Shindong Aparidium Building, 745 Ganeung-dong, Euijeongbu	031-828-0812

	Center	City, Gyeonggi-do	
14	Guri Job Center	2F Taeyeong Building, 670-1 Inchang-dong, Guri City, Gyeonggi-do	031-560-5840
15	Namyangju Job Center	3F Geum Maru Plaza, 953 Gyeongchoon-ro, Namyangju City, Gyeonggi-do	031-560-1991
16	Goyang Job Center	Rodeo Tower Building, 736-2 Janghang-dong, Ilsan Dong-gu, Goyang City, Gyeonggi-do	031-920-3951
17	Suwon Job Center	2-4F Shindong Apastell, 939 Bunji, Ingye-dong, Paldal-gu, Suwon City, Gyeonggi-do	031-231-7864
18	Yong-in Job Center	3~4F Gangnam En Plus Building, 581-1 Gukal-dong, Giheung-gu, Yong-in City, Gyeonggi-do	031-289-2210
19	Hwaseong Job Center	(2F Hyundai Haesang Building) 1220 Chipyeong-dong, Seo-gu, Gwangju City	062-350-1424
20	Seongnam Job Center	4~6F Dochon Daedeok Plaza, 2 Cha, 569 Bunji, Dochon-dong, Jungwon-gu, Seongnam City, Gyeonggi-do	031-739-3161
21	Gyeonggi Gwangju Job Center	3.4F Soenhwa Building, (Gwangju-ro 216) 27-86 Bunji, Yeokdong, Gwangju City, Gyeonggi-do	031-799-2740
22	Icheon Job Center	1~3F Won Building, 443-37 Changjeon-dong, Icheon City, Gyeonggi-do	031-644-3811
23	Anyang Job Center	2Floor Anyang Messe Tower, 676-91 Bunji, Anyang 4-dong, Ma-an-gu, Anyang City, Gyeonggi-do	031-463-0771
24	Gwangmyeong Job Center	1-2F Hill Felice, 463-38, Cheonsan-dong, Gwangmyeong City, Gyeonggi-do	02-2680-1500
25	Ansan Job Center	(11gil Wongo-chan) 520-1 Gochan-dong, Danwon-gu, Ansan City, Gyeonggi-do	031-412-6954
26	Shiheung Job Center	3F Jeongwang Plaza, 33-1 Jeongwang-dong, Shiheung City, Gyeonggi-do	031-496-1909
27	Pyengtaek Job Center	2F (60 Bunji, Jungang-ro 4ga)Jangdang Plaza, 608 Ichoong-dong, Pyeongtaek City, Gyenggi-do	031-646-1258

28	Chuncheon Job Center	2-5F Nexus Plaza Building, 885-3, Seoksa-dong, Chuncheon City, Gyeonggi-do	033-250-1900
29	Gangneung Job Center	Shinhyup Building, 1003-18, Kyo-dong, Gangneung City, Gangwondo	033-610-1919
30	Wonju Job Center	3F Hanshin Plaza, 451-4 Daewoon-dong, Wonju City, Gangwon-do	033-769-0900
31	Taebaek Job Center	341 Beonyeong-ro gil, Taebaek City, Gangwon-do	033-552-8605
32	Samcheok Job Center	4F Hyunjin Building, 332 Namyang-dong, Samcheok City, Gangwon-do	033-573-9914
33	Yeongwol Job Center	976-1 Yeongheung 5-ri, Yeongwol-eup, Yeongwol-gun, Gangwon-do	033-371-6260
34	Busan Job Center	Busan Job Center, 150-3 Yqaangjeon-dong, Jin-gu, Busan Metropolitan City	051-860-1919
35	Busan Dongbu Job Center	Job Center Building, 89-18 Gwang-an-dong, Suyeong-gu, Busan Metropolitan City	051-760-7103
36	Busan Bukbu Job Center	1-5F Center Building, 2270-3 Hwamyeong 3-dong, Bukgu, Busan Metropolitan City	051-330-9900
37	Changwon Job Center	6F Job Center Building, 27-3 Sangnam-dong, Changwon City, Gyengsangnam-do	055-239-0900
38	Ulsan Job Center	1604-2 Samsandong, Nam-gu, Ulsan Metropolitan City	052-228-1919
39	Gimhae Job Center	Buwon-dong, Gimhae City, Gyeongsangnam-do	055-330-6421
40	Yangsan Job Center	685-1 Jungbu-dong, Yangsan City, Gyeongsannam-do	055-379-2400
41	Jinju Job Center	2~5F Anseong Building, 127-12 Jangdae-dong, Jinju City, Gyeongsangnam-do	055-760-6743
42	Tongyeong Job Center	1580-18 Juklim-ri Gwangdo-myeon, Tongyang City, Gyeongsangnam-do	055-650-1800
43	Daegu Job Center	45-31 Beom-eo-dong, Suseong-gu, Daegu Metropolitan City	053-667-6000
44	Daegu Seobu Job Center	469-3 Naedang-dong, Seo-gu, Daegu Metropolitan City	053-605-6500
45	Pohang Job Center	618-3 Jukdo-dong, Buk-gu, Pohang City, Gyengsangbuk-do	054-280-3000
46	Gyeongju Job Center	3,4F Seongdong Saemaeul Geumgo, 59-5 Seongdong-dong, Gyeongju	054-778-2500

		City, Gyeongsangbuk-do	
47	Gumi Job Center	108 Baeksan-ro) 5204 Bunji, Songjeong-dong, Gumi City, Gyeongsangbuk-do	054-440-3300
48	Yeongju Job Center	(36 Bunji, Hyucheon 3-dong) 68 Wondang-ro, Yeongju City, Gyeongsangbuk-do	054-639-1136
49	Mungyeong Job Center	85-3 Mojeon-ro, Mungyeong City, Gyeongsangbuk-do	054-559-8232
50	Andong Job Center	400 Gyeongdong-ro, Andong City, Gyeongsangbuk-do	054-851-8041
51	Gwangju Job Center	190-1 Bukdong, Buk-gu, Gwangju	062-609-8500
52	Jeonju Job Center	(410-1 Jinbuk-dong) 79 Bunjii, Taepyeong-ro, Deokjin-gu Jeonju City, Jeollabuk-do	063-270-9100
53	Iksan Job Center	11 gil 52 Iksandae-ro, Iksan City, Jeollabuk-do	063-840-6526
54	Gunsan Job Center	62 Jochon-ro, Gunsan City, Jeollabuk-do	063-450-0600
55	Mokpo Job Center	1121-4 Sang-dong, Mokpo City, Jeollanam-do	061-280-0500
56	Suncheon Job Center	1245 Bunji, Jorye-dong, Suncheon City, Jeollanam-do	061-720-9114
57	Yeosu Job Center	111-1 Munsu-dong, Yeosu City, Jeollanam-do	061-6500-155
58	Daejeon Job Center	659 Tanbang-dong, Seo-gu, Daejeon	042-480-6000
59	Cheongju Job Center	2-4F Worldpia Officetell 171-5 Heungdeok-gu, Cheongju City, Chungcheongbuk-do	043-230-6700
60	Cheonan Job Center	2-5F Chungnam Tower, 1437 Seongjeong-dong, Seobuk-gu. Cheonan City, Chungcheongnam-do	041-620-7400
61	Chungju Job Center	507 Munhwa-dong, Chungju City, Chungcheongbuk-do	043-850-4000
62	Boryeong Job Center	498-6 Myeongcheon-dong, Boryeong City, Chungcheongnam-do	041-930-6200

P14

Insurance Company Contact Information (Samsung Fire Consortium)

Samsung Fire and Marine Insurance Co., Ltd, Hyundai Marine and Fire Insurance Co., Ltd., LIG Property Insurance Co., Ltd., Dongbu Marine and Fire Insurance Co., Ltd., Hanhwa Property Insurance Co., Ltd.

Mga serbisyo: paglahok sa insurance, insurance payment at claim

Departure Guarantee Insurance: Samsung Fire Call Center at 16 na Customer Support Center

- Insurance Call Center: 37 (Yongsan-dong 5ga) Han-gangdae-ro 38gil, Yongsan, Seoul T:02-2119-2400(www.samsungfire.com)

- 16 na Customer Suport Center

Bilang	Kumpanya	Address	Telepono
1	Samsung Fire Insurance Co., Ltd.	3F Samsung Fire Insurance Building (Ingye-dong) 205 Gwankwang-ro, Paldal-gu, Suwon City, Gyeonggi-do	031-230-1042
2		1F Samsung Fire Insurance Building (Gochan-dong) 259 Gwang-deokdae-ro, Danwon-gu, Ansan City, Gyeonggi-do	031-413-7144
3		3F Samsung Life Euijeongbu (Euijeongbu-dong) 62 Shimin-ro, Euijeongbu City, Gyeonggi-do	031-876-8115
4		9F Baekseok Culture Center (Cheongdang-dong) 96 Cheongsu 14-ro, Dongnam-gu, Cheonan City, Chungnam	041-559-3714
5		2F Samsung Fire Insurance Building (Seokjeon-dong) 3.15 Dae-ro 674, Masan Hoewon-gu, Changwon City, Gyeongnam	055-250-2518
6		1F Samsung Fire Insurance Building (Sujin-dong) 1171 Soengnamdae-ro, Sujeong-gu, Soengnam City, Gyeonggi-do	031-758-8114
7		5F BYC Building (Bijeon-dong) 261 Gyeonggidae-ro, Pyeongtaek City, Gyeonggi	031-657-6094
8		3F BYC Building (Gyohyeon-dong) 113 Gookwondae-ro, Chungju City, Chungbuk	043-845-7114
9	Hyundai	1F Hyundai Haesang Building (Gwonseon-dong) 268 Hyowon-ro,	031-230-0543

	Haesang	Gwonseon-gu, Suwon City, Gyeonggi-do	
10		1F Hyundai Haesang (Guwol-dong) 7 Mirae-ro, Namdong-gu, Incheon Metropolitan City	032-222-1206
11		2F Hyundai haesang Busan (Choryang-dong), 240 Jung-angdae-ro, Dong-gu, Busan	051-960-1025
12		2F Hyundai Haesang Building (Chipyeong-dong) 72 Shicheong-ro, Seo-gu, Gwangju City	062-350-1424
13		2F Hyundai haesang Building (Dal-dong) 131 Beonyeong-ro, Nam-gu, Ulsan City	052-229-1211
14	LIG Insurance	LIG Insurance 4F Daeseong Building (Eoyang-dong) 464 Hana-ro, Iksan City, Jeonbuk	063-839-3983
15	Dongbu Fire Insurance	Dongbu Fire Insurance 12F Alliance Tower (Namsan-dong) 2058 Dalgubeoldae-ro, Jung-gu, Daegu	053-251-4137
16	Hanhwa Insurance	Hanhwa Insurance 9F Daehan-Life Building (Bupyeong-dong), 75 Bupyeongdae-ro, Bupyeong-gu, Incheon City,	032-501-2181

P15

Human Resources Development Service of Korea Contact Information

Bilang	Kumpanya	Address	Telepono
	Main Office	345 Jongga-ro, Jung-gu, Ulsan Metropolitan City	052-714-8572
1	Seoul Offcie	21 Baekbeom-ro 31gil, Mapo-gu, Seoul Special City	02-3274-9621
2	Seoul Dongbu Office	38 Ttukseom-ro 32gil, Gwangjin-gu, Seoul Metropolitan City	02-2024-1755
3	Seoul Nambu Office	110 Beodeunaru-ro, Yeongsdeungpo-gu, Seoul Metropolitan City	02-6907-7120
4	Gangwon Office	135 Wonchanggogae-gil, Dongnae-myeon, Chuncheon City, Gangwon-do	033-248-8506

5	Gangneung Office	60 Bangdong-gil, Sacheon-myeon, Gangneung City, Gangwon-do	033-650-5722
6	Jungbu Regional Office	209 Namdongseo-ro, Namdong-gu, Incheon City	032-820-8652
7	Gyeonggi Office	46-68 Homaeshil-ro, Gwonseon-gu, Suwon City, Gyeonggi-do	031-249-1247
8	Gyeonggi Bukbu Office	140 Chudong-ro, Euijeongbu City, Gyeonggi-do	031-850-9132
9	Seongnam Office	1217 Seongnamdae-ro, Sujeong-gu, Seongnam City, Gyeonggi-do	031-750-6234
10	Busan Regional Office	26 Geumgokdae-ro, Buk-gu, Busan Metropolitan City	051-330-1835
11	Busan Nambu Office	454-18 Shinseon-ro, Nam-gu, Busan Metropolitan City	051-620-1935
12	Gyeongnam Office	239 Dudae-ro, Seongsan-gu, Changwon City, Gyeongnam	055-212-7225
13	Ulsan Office	173 Beonyeong-ro, Nam-gu, Ulsan Metropolitan City	052-220-3262
14	Daejeon Regional Office	213 Seongseo Gongdan-ro, Dalseo-gu, Daejeon Metropolitan CIty	053-580-2362
15	Gyeongbuk Office	42 Hakkasan Oncheon-gil, Seohu-myeon, Andong City, Gyeongbuk	054-840-3021
16	Pohang Office	9 Beopwon-ro, 140 Bun-gil, Buk-gu, Pohang Cty, Gyeongbuk	054-251-8517
17	Gwangju Regional Office	82 Cheomdan Bencheo-ro, Buk-gu, Gwangju Metropolitan City	062-970-1751
18	Jeonbuk Office	69 Yusang-ro, Deokjin-gu, Jeonju City, Jeonbuk	063-210-9202
19	Jeonnam	35-2 Sunkwang-ro, Suncheon City, Jeonnam	061-720-8522
20	Mokpo Office	820 Yeongsan-ro, Mokpo City, Jeonnam	061-288-3333
21	Jeju Office	19 Bokji-ro, Jeju City, Jeju	064-729-0725
22	Daejeon Regional Office	1 Seomoon-ro, Jung-gu, Daejeon City	042-580-9162
23	Chungbuk Office	81 1 Sunhwan-ro 394gil, Heungdeok-gu, Cheongju City, Chungbuk	043-279-9016
24	Chungnam Office	27 Cheon-ilgo-1gil, Soebuk-gu, Cheonan City, Chungnam	041-620-7625

Human Resources Development Service of Korea Call Center : 1644-8000 Foreign Human Resource Counseling : 1577-0071

P16

www.hrdkorea.or.kr

Impormasyon sa Insurance ng mga Dayuhang Manggagawa

- Departure Guarantee Insurance (para sa retirement)
- Return Cost Insurance (para sa gastos sa eroplano)
- Guarantee Insurance (para sa hindi nabayarang sweldo)
- Accident Insurance (para sa pagkakamatay at pagkakasakit)

Foreinger Insurance TF Team,
Foreign Resource Division, International Human Resource Center
345 Jongga-ro, Jung-gu, Ulsan Metropolitan City, 681-240